email: **uma**.pilipinas@**gmail**.com | www.**uma**pilipinas.wordpress.**com** | twitter: @**UMA**pilipinas

# Ang UMA

OPISYAL NA PUBLIKASYON NG UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

Isyu 5 | Taon XI Blg. 1 | Enero - Hunyo 2016

# Bukas na Liham sa Bagong Pangulo ng Bansa, Rodrigo Roa Duterte

KAMING MGA MANGGAGAWANG AGRIKULTURAL ay mga buhay na patunay ng pang-aapi sa Daang Matuwid – patuloy naming dinaranas ang mala-aliping kalagayan at marahas na panunupil sa kamay ng mga haciendero, dambuhalang korporasyon at sa kamay ng mismong gobyerno.

Sa eleksyon ay nanaig kayo sa maruming pulitika ng mga hacienderong Cojuangco, Aquino, at Roxas-Araneta. Matagal na silang nambubusabos sa mga manggagawang-bukid sa malalawak na asyendang tubuhan na ilang dekada o daantaon nang kontrolado ng kanilang mga angkan. Gayunman, sa ilalim ng inyong panunungkulan, makakapanaig na rin po ba ang tinig naming maliliit na manggagawa sa agrikultura?

Kami ang bumabalikat ng pinakamabibigat na trabaho sa mga asyenda at plantasyon ng tubo, saging, pinya, *oil palm,* goma at iba pa – ngunit kami rin ang may pinakamababang antas ng pasahod ayon sa itinakda ng *regional wage boards* ng gobyerno. Kami'y nagtatrabaho nang *seasonal* at kontraktwal kaya karaniwang walang permanenteng trabaho at walang benepisyo. Ang hinuhulugang pensyon ay karaniwan ding kinukupit ng kumpanya o haciendero. Kami ay bulnerable sa sakuna, kalamidad at taunang pagtigil ng paggawa dulot ng *off-milling season* o tiempo muerto. Kahit walang bagyo, tagtuyot o delubyo, natural na kami at ang aming mga pamilya ay gutom.

Ang mga manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita, halimbawa, ay makailang ulit nang pinangakuan ng repormang agraryo at hustisyang panlipunan – ngunit mula kay Magsaysay noong 1957 na kilala bilang "makamasang pangulo" hanggang sa populistang rehimen ng erederang si Corazon Cojuangco-Aquino noong 1986, at hanggang sa ilalim ng pinakahuling hacienderong pangulo na si BS Aquino – puro panloloko, pandarahas at pangangamkam ang dinanas ng mga manggagawang-bukid sa Luisita. Ang desisyon ng Korte Suprema noong 2012 para sa kumpletong pamamahagi ng lupain ng asyenda sa libu-libong magbubukid ay

>> *SUNDAN SA PAHINA* ***2***

## Sa Isyung Ito

**IKA-3 KONGRESO NG UMA**
MATAGUMPAY NA GINANAP SA MALAYBALAY, BUKIDNON

4 MINDANAO




**TIEMPO MUERTO**
KAMPANYA PARA SA LUPA, PAGKAIN AT HUSTISYA

8 NEGROS

BUKAS NA LIHAM << MULA SA PAHINA 1

maibabaon na lang ba sa limot ngayon o maisasama na lang sa hukay ng yumaong Punong Mahistrado ng Korte Suprema na si Renato Corona?

Mananatili ba kaming nagbubungkal ng lupa na hindi namin pag-aari? Patuloy ba kaming aasa sa lupang ipinapangako ng isang lipas at pekeng programa sa repormang agraryo na binalangkas at ipinapatupad ng mga haciendero? Patuloy ba kaming lilinlangin sa mga iskemang *corporative*, Stock Distribution Option (SDO), *leaseback* at iba pang Agribusiness Venture Arrangement (AVA) na nagsasabi na ang lupa ay amin na diumanong pag-aari at amin nang malilinang, ngunit malilinang lang kung patuloy kaming magiging aliping sahuran at lilikha ng limpak-limpak na produkto at tubo para sa pakinabang ng iilan?

Ganito ang kalagayan ng mga manggagawang agrikultural lalo na sa mga plantasyon sa Mindanao kung saan daan-daan libong ektarya ng lupain ang kontrolado ng mga Cojuangco, Lorenzo, Floirendo at ng mga dambuhalang multinasyunal. Ang aliping kalagayan ng mga manggagawang agrikultural ay mas palalawakin ba sa planong ekspansyon ng mga plantasyong ito sa Negros, Bohol, Palawan at iba pang panig ng bansa?

Sa ilalim ng bagong administrasyon, ang pagsasabi namin ng katotohanan at pagtuligsa sa mga makapangyarihan ay patuloy bang susuklian ng pangungutya, marahas na panunupil at masaker na gaya ng aming naranasan mula Escalante, Mendiola, Hacienda Luisita at Kidapawan? Kami na siya na ngang mga biktima ng karahasan ay itinuturing pa na mga kaaway ng estado at patuloy na tinutugis ng pulis at militar, sinasampahan ng patung-patong na gawa-gawang kaso, at pinagdurusa sa iligal na pagkakabilanggo.




## Anakpawis, wagi sa Eleksyong 2016

MAGBABALIK SA KONGRESO ANG ANAKPAWIS PARTYLIST, matapos itong makakuha ng 367,376 boto o 1.1% ng kabuuang boto para sa partylist sa Pambansang Eleksyon nitong Mayo 9. Sa pangkalahatan ay nakuha ng Anakpawis ang ika-30 ranggo sa halalang *partylist*, ayon sa opisyal na *3rd canvass report* ng Commission on Elections o COMELEC.

Ang unang nominado na si Ariel "Ka Ayik" Casilao, lider-manggagawa mula sa Mindanao, ang uupong kinatawan ng Anakpawis sa ika-17 Kongreso.

Nagtagumpay din ang iba pang progresibong *partylist* sa ilalim ng Koalisyong Makabayan gaya ng Gabriela Women's Party (GWP) na ikalawa sa may pinakamaraming boto sa *partylist;* ACT Teachers Partylist na nasa ika-4; Bayan Muna na ika-14, at Kabataan Partylist na nasa ika-37 ranggo.

Kadusta-dusta ang aming kalagayan. Hayaan po ninyo na iparating namin sa inyo ang ilan sa aming mga kagyat na panawagan:

**Lupa at hustisya para sa mga manggagawang-bukid ng Hacienda Luisita** – imbestigahan ang mga anomalya gaya ng panunuhol sa Senado at Php 471 milyong kumpensasyon sa mga Cojuangco-Aquino gamit ang pera sa DAP, at tuluyang ipawalambisa ang pekeng pamamahagi ng lupa na ipinatupad ng gobyernong Aquino. Imbestigahan at parusahan ang lahat ng sangkot sa masaker noong 2004 at sa patuloy na panloloko, pandarahas, pangangamkam sa mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita.

**Seguridad sa trabaho** – Wakasan ang kontraktwalisasyon sa paggawa. Ibasura ang Labor Department Order No. 18-A Series of 2011 at iba pang naglelegalisa sa kontraktwalisasyon sa mga probisyon ng Herrera Law at Labor Code.

**Nakabubuhay na sahod** – Suportahan ang pagtataas ng sahod ng mga manggagawa. Buwagin ang mga regional wage boards at ipatupad ang pambansang minimum na sahod na P750 para sa mga manggagawa sa pribadong sektor, kabilang na rito ang mga manggagawa sa agrikultura.

**Benepisyo at serbisyo, hindi korapsyon at negosyo** – Imbestigahan ang mga tiwaling opisyal at ganid na haciendero at miller na nagpapasasa sa sugar levy mula sa Social Amelioration Program (SAP) na dapat ay para sa mga manggagawang agrikultural at manggagawang-bukid sa tubuhan. Direktang ipamahagi ang daan-milyong pondo ng SAP para sa

BUKAS...>> SA SUSUNOD NA PAHINA



# OGYON, kasama sa kampanyang kontra-"hulaw"

MAHIGIT 150 MANGGAGAWA SA SAGINGAN NG higanteng multinasyunal na korporasyong Dole Stanfilco sa mga bayan ng Dangcagan at Kitaotao sa Bukidnon ang pumirma sa isang petisyon para sa seguridad sa trabaho at nakabubuhay na sahod upang kontrahin ang epekto ng tagtuyot na dulot ng El Niño.

Ang mga nasabing manggagawa ay kasapi ng Organisasyon sa Yanong Obrerong Nagkahiusa o OGYON, isang myembrong-organisasyon ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA). Kabilang sila sa malakawang kampanya kontra-"hulaw" ("tagtuyot" sa wikang Bisaya) sa buong isla ng Mindanao.

Ang Bukidnon ay apektado na ng hulaw mula Nobyembre 2015. Nitong Enero, ibinaba ng Dole Stanfilco sa 3 araw ang trabaho kada isang linggo, lalo na sa hanay ng mga kontraktwal na manggagawa sa Dangcagan sanhi ng pagkatuyot ng mga saging.

Ang mga kahilingan ng petisyon ay ang sumusunod: (1) Permanenteng trabaho kahit sa panahon ng tagtuyot; (2) Subsidyo para sa mga manggagawa at kanilang pamilya sa pahanong kulang ang trabaho; (3) Pagbawi ng *savings* o *cash bond deposit* ng mga manggagawa sa Asiapro Agency bilang suporta sa kanilang pangangailangan sa panahon ng kalamidad; (4) Paggawad ng *leave benefits* na utang at matagal nang ipinangako ng kumpanya na ibabalik sa mga manggagawa; at (5) Wakasan ang kontraktwalisasyon.

Pumayag ang Dole sa pamamagitan ng Asiapro Agency na ibalik ang P10,000 *cash bond* nang hindi sinisisante ang mga manggagawa. Ang malaganap na *agency* o *"cooperative" hiring* ang nagpapairal ng kontraktwalisasyon sa malalawak na plantasyon sa Mindanao.

"Ngayon halos wala nang trabaho para sa mga manggagawa," ayon kay June Antiga, pambansang tagapangulo ng UMA at presidente ng OGYON sa Dangcagan.

Ang Dole Stanfilco, na ngayon ay nasa ilalim ng dambuhalang Itochu Corporation ng Japan, ay nagkakamal pa rin ng bilyun-bilyong kita sa kabila ng pagbaba ng produksyon ng sariwang prutas dulot ng tagtuyot. Mula Abril hanggang Disyembre 2015, nagtala ang Dole Stanfilco ng netong kita na P 2.243 bilyon.

Ang mga manggagawang-bukid ng OGYON ay kabilang sa libu-libong nagmartsa sa Malaybalay City, bahagi ng sunud-sunod na kilos-protesta para sa ayuda, pagkain at hustisya matapos ang madugong dispersal sa Kidapawan noong Abril 1. Nagkaroon ng mga barikada at martsa ang mga magsasaka sa Pagadian City, Koronadal City, Cagayan de Oro City, at Davao City, habang ang mga tagasuporta ng mga magsasaka sa loob at labas ng bansa ay naglunsad ng pagkondena sa nangyaring masaker sa Kidapawan.

BUKAS.. << MULA SA PAHINA 2

mga tunay na benepisyaryo. Itulak ang pagpapasa ng P2,000 SSS Pension Hike na hinadlangan ni Aquino sa pamamagitan ng veto.

**Bigas, hindi bala** – maagap na ayuda sa mga magbubukid at mamamayan sa panahon ng sakuna at kalamidad; partikular na suporta para sa mga manggagawang-bukid sa tubuhan na apektado ng taunang tiempo muerto.

**Kalayaan, katarungan at kapayapaan** – Wakasan ang pampulitikang panunupil at militarisasyon sa kanayunan. Itaguyod at pangalagaan ang karapatang mag-organisa, umanib sa mga asosasyon, magmobilisa at magpahayag ng mga saloobin at hinaing. Katarungan para sa Kidapawan at lahat ng biktima ng panunupil ng estado. Ibasura ang lahat ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga magsasaka at mamamayang nakikipaglaban para sa kalayaan at karapatan. Palayain ang lahat ng mga bilanggong pulitikal. Ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan.

**Lupang sakahan, hindi libingan** – Ipatupad ang tunay na reporma sa lupa. Itigil ang ekspansyon ng mga dambuhalang agrikultural na plantasyon. Suportahan o i-"certify as urgent" ang pagpapasa ng bagong batas sa reporma sa lupa o Genuine Agrarian Reform Bill.

Kung walang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, walang tunay na pag-unlad sa buong bayan. Patuloy na maghihirap ang masang anakpawis kung masasailalim pa rin ang bansa sa mga neoliberal na patakaran, at sa mga dikta o imposisyong pang-ekonomiya, pampulitika at militar na pabor lamang sa mga dayuhan at imperyalista.

Kung kami'y mananatiling busabos at alipin, kami at ang nakararaming magbubukid sa kanayunan lalo na ang ating kabataan, ay patuloy na dadayo at magpapalabuy-laboy sa mga syudad at hanggang sa ibayong dagat para sa walang kaparakarang paghahanap ng disenteng pamumuhay at hanapbuhay. Araw-araw na nakaamba sa mamamayan ang panganib na masadlak sa mas masahol na kalagayan gaya ng droga, prostitusyon at kriminalidad – mga salot na ipinangako ninyong pupuksain sa lalong madaling panahon.

Ang pagtugon sa laganap na kaguluhan sa ating bayan, sa armadong tunggalian, at sa malawakang gutom at kahirapan ay nagsisimula sa pakikinig at pagbibigay-tinig sa maliliit na mamamayan na tulad namin – sa tulad naming mga manggagawa sa agrikultura at manggagawang-bukid na matagal nang hinahamak ngunit patuloy na nakikibaka para sa hustisyang panlipunan, tunay na kalayaan at demokrasya sa ating bansa.

# Ikatlong Kongreso ng UMA, matagumpay na ginanap sa Mindanao




MASIGLANG LUMAHOK ANG MGA MANGGAGAWANG AGRIKULTURAL sa ilalim ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) sa Pulong ng Pambansang Konseho (NC meeting) at Ikatlong Pambansang Kongreso na matagumpay na ginanap mula Pebrero 19 - 21, 2016 sa Malaybalay City, Bukidnon sa Mindanao.

Pebrero 19, ginanap sa Canossa Youth Formation Center ang NC samantalang ang Kongreso ay idinaos sa Kaamulan Auditorium mula Pebrero 20-21. Dumalo ang mga opisyal, kinatawan at masang kasapian ng UMA mula sa Alyansa ng mga Manggagawang-Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) ng Tarlac; tsapter ng UMA sa Cagayan Valley; Kaisahan ng Batangas; National Federation of Sugar Workers (NFSW) ng Negros Island Region; Filipinas Oil Palm Plantations Workers Union (FPPI-WU) at PIGLAS-MAPAPI ng Agusan del Sur; Banana Workers Association (BANWA) ng Southern Mindanao; United Workers for Genuine Development Association ng Socksargen; at ang punong-abalang organisasyon, ang Organisasyon sa Yanong Obrerong Nagkahiusa o OGYON na mula sa probinsya ng Bukidnon.

Mahigit 200 delegado ang dumalo mula sa mga myembrong unyon, asosasyon at pederasyong ito at mahigit 20 kapanalig na organisasyon gaya ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Kilusang Mayo Uno (KMU), Anakpawis Partylist, Amihan, RMP, CTUHR, COURAGE at CONTEND.

Nahalal bilang bagong mga opisyal ng UMA sina:

June Nery Antiga – Chairperson
Hernane Barros – Vice-Chair
Danilo "Ka Daning" Ramos - Sec. General
Renato Mendoza - Dep Sec.Gen
Aurelio Estrada - Treasurer
Ranmil Echanis - Auditor
Melodina Gumanoy - PRO

Tinanggap naman bilang mga bagong miyembrong organisasyon ng UMA ang Misamis Oriental Farmers Association (MOFA-UMA); and Piansay Pantukan Landowners and Workers Association ng Pantukan, Compostela Valley at ang Tambobong Banana Workers Association, mula sa Baguio District, Davao City.

Ang susing talumpati ay ipinahayag sa pamamagitan ng bidyo mula sa Tagapangulo ng International League of People's Struggle (ILPS) na si Propesor Jose Maria Sison. Inilarawan ni Prop. Sison ang kadusta-dustang kalagayan ng mga manggagawang agrikultural lalo na sa mga plantasyon. Binigyang-diin ni Sison ang pagtatayo ng mga unyon upang ipaglaban ang mga karapatan, di lamang para sa mga kagyat na ekonomikong kahilingan kundi para sa pangmatagalang layunin na makamit ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Kumpyansa si Sison na ang tagumpay ng Kongreso ng UMA ay magpapanday ng pagkakaisa, lakas at mga tagumpay sa pakikibaka laban sa mga neoliberal na patakaran.

Nagpadala rin ng mensahe ng pakikiisa ang nakapiit na mga *peace consultant* ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na sina Wilma Austria at Benito Tiamzon. Nagmungkahi sila ng sumusunod na mga tungkulin para sa pagpapalakas ng UMA: Una, ay ang mapangahas na pagpapalawak upang masaklaw ang mas malaking bilang ng mga manggagawang agrikultural. Ikalawa ay ang pagpapatatag ng pampulitikang edukasyon ng masang kasapian, mga lider at organisador. Ikatlo ay ang paglulunsad ng militanteng pakikibaka at kampanyang masa sa hanay ng kasapian, at ikaapat ay ang pagbibigay-pansin sa pakikipag-alyansa sa iba pang progresibo, demokratiko at positibong pwersa sa hanay ng masang magsasasaka, manggagawang-bukid, manggagawa at iba pang sektor.

Kasama rin sa mga tagapagsalita sa Kongreso sina Elmer "Ka Bong" Labog, tagapangulo ng KMU; Antonio "Ka Tonying" Flores, *secretary general* ng KMP; Rep. Fernando "Ka Pando" Hicap at ang bagong kinatawan ng Anakpawis Partylist sa Kongreso, Ariel "Ka Ayik" Casilao.

Nagpahayag naman ng pakikiisa si Makabayan senatorial candidate Neri Colmenares sa pamamagitan ng bidyo. Sinabi ni Colmenares na kinakailangan ng bansa ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon para sa tunay na kaunlaran. Ang iba pang mga mensahe ay nagmula naman sa Asian Peasant Coalition (APC), Coalition of Agricultural Workers International (CAWI), Pesticide Action Network –Asia Pacific (PAN-AP), Bayan USA, Radyo Migrante ng Ontario, Canada, Pamalakaya, Karapatan-National, at Sen. Cynthia Villar.

Nagtanghal ng mga pangkulturang bilang ang Sinagbayan-Bukidnon at ang mga lumad na kabataan na nakabakwit sa Provincial Capitol grounds sa Malaybalay, dulot ng matinding militarisasyon sa kanilang mga komunidad at lupang ninuno.

Inilahad din ng UMA ang limang taong ulat ng mga aktibidad at kampanyang masa mula 2010-2015. Tampok ang pakikibaka para sa lupa at hustisya sa Hacienda Luisita sa pokus ng gawain ng UMA sa nakaraang ilang taon. Pinagtibay sa Kongreso ang 3-taong pangkalahatang programa, isang taong plano at 11 resolusyon upang maisakatuparan ang tema ng Ikatlong Kongreso ng UMA:

***"Puspusang labanan ang mga neoliberal na atake sa mga manggagawa, magbubukid at mamamayan! Makibaka para sa tunay na reporma sa lupa, sahod, trabaho, benepisyo at karapatan! Pukawin, organisahin at pakilusin ang mga manggagawa sa agrikultura sa malalaking plantasyon at asyenda! Mapangahas na palawakin ang Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura!"***

## "Gen. Visaya, dapat makulong kasama ni Aquino" -UMA

KABILANG ANG UNYON NG MGA MANGGAGAWA sa Agrikultura o UMA sa mga tutumutol sa pagtatalaga kay Lt. Gen. Ricardo Visaya bilang bagong hepe ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa papasok na administrasyon ni Rodrigo Duterte.

"Si Gen. Visaya ay dapat makulong kasama ni BS Aquino," ayon kay Danilo "Ka Daning" Ramos, pangkalahatang kalihim ng UMA. Si Visaya ang tumayong kumander ng 69th Infantry Battalion na sangkot sa malagim na masaker sa Hacienda Luisita noong Nobyembre 16, 2004.

Pito ang kumpirmadong patay habang daan-daan ang sugatan sa madugong dispersal sa piketlayn sa Luisita, na sinasabing ipinag-utos ng pamilya ni Benigno "Noynoy" Aquino III, na noon ay kongresman ng Tarlac at administrador ng asyenda.

Si Gen. Visaya ay tanyag din bilang "kanang kamay" at alipuris ni Gen. Jovito Palparan sa paghahasik ng lagim sa Gitnang Luzon. Kabilang sa mga biktima ng pagpaslang ang pito pang tagasuporta ng mga magbubukid ng Luisita, kabilang na sina Tarlac City Councilor Abel Ladera, Father William Tadena at Bishop Alberto Ramento ng Iglesia Filipina Independiente. Si Visaya ay sangkot din sa mga pagpatay ng mga lumad, at panunupil sa mga manggagawa sa agrikultura at unyonista sa Mindanao.

Muling nasangkot ang yunit ni Visaya sa masaker ng mga lumad sa Paquibato, Davao City noong Hunyo 2015. Si Visaya ang hepe ng 27th IBPA sa Polomolok, South Cotabato na nagsagawa ng pananakot target ang mga manggagawa at lider ng Kilusang Mayo Uno sa panahon ng eleksyon sa unyon ng Dole Phils. noong 2011.

Bukod sa masaker sa Hacienda Luisita, idinadaing ng mga manggagawang-bukid sa ilalim ng AMBALA ang patung-patong na mga paglabag sa karapatang pantao na isinagawa ng mga kamag-anak ni BS Aquino, kasabwat ang DAR, pulis at militar, habang ipinapatupad ang pekeng pamamahagi ng lupa sa Hacienda Luisita mula 2013. Kabilang dito ang pagbubuldoser sa mga pananim, panunungo ng mga kubo, pananakit at pambubugbog, at ilegal na pang-aaresto.

# NEGROS:

## *Bagong Target ng Ekspansyon ng mga Plantasyong MNC*

ANG ISLA NG NEGROS ANG panibagong target ng ekspansyon ng mga agrikultural na plantasyon na kontrolado ng dambuhalang multinasyunal na korporasyon (MNC).

Sa probinsya ng Negros Occidental, pabor dito ang mga lokal na upisyal at pati na ang Department of Agriculture (DA) at Sugar Regulatory Administration (SRA). Anila, mga plantasyon na ang ipapalit sa mga tubuhan upang maampat ang epekto ng pagbaba ng taripa sa imported na asukal dulot ng ASEAN Free Trade Agreement (AFTA).

Sinasabing malulugi na ang mga panginoong maylupa sa pagpapatanim ng tubo at mas malaki diumano ang kikitain kung magpapatanim na lang sila ng mga produktong pang-eksport gaya ng saging, pinya, goma, *palm oil*, at kape. Pinangangambahan na gagamitin ang ekspansyon ng mga nasabing plantasyon para agawin ang lupain ng mga magsasaka at katutubo.

Aabot sa 20,000 ektarya ang target ng ekspanyon ng mga plantasyon sa Negros. Karamihan sa mga plantasyong ito ay pag-aari ng mga dambuhalang MNC kasosyo ang malaking burgesya komprador, tulad ng Lapanday Foods Corporation, Dole Foods Company, Nestle, San Miguel Corporation, at marami pang iba.

Dahil dito, ikinakampanya ng National Federation of Sugar Workers (NFSW), Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at AMIHAN sa Negros ang pagtutol sa ekspansyon ng mga plantasyon sa naturang isla. Maliban sa pangangamkam ng lupa at lansakang paglabag sa karapatang pantao, ang paglawak ng mga plantasyon ay magdudulot din ng masamang epekto sa kalikasan at kalusugan ng mga mamamayan.



***BIGAS HINDI BALA.*** *Kinondena ng mga manggagawang pangkultura ng Sinagbayan, Sining Bugkos, Sining Kadamay at Sining Pasada ang madugong masaker sa Kidapawan sa isang pangkulturang pagtatanghal sa Mendiola nitong Mayo Uno.*

## *Ekspansyon ng plantasyon sa Bukidnon, inimbestigahan ng solidarity mission*

ANG GARAPALANG PANG-AAGAW NG LUPA PARA SA EKSPANSYON NG plantasyon ay nagresulta sa paglabag sa karapatang pantao sa Barangay Sinangguyan, Don Carlos, Bukidnon. Ito ang napag-alaman ng mga lumahok sa isang solidarity mission na inorganisa ng Kasama-Bukidnon, Karapatan-Northern Mindanao at ang Network Resisting Expansion of Agricultural Plantations in Mindanao o REAP Mindanao Network nitong Abril 4-6.

Napag-alaman ng nasabing misyon ang mga detalye sa pagpatay kay Lauro Algora, pinuno ng Sinangguyan Farmers' Organization, noong Oktubre 2015. Binaril at napatay si Algora habang pinapa-kopya ang kanyang mga titulo na nagpapatunay ng kanyang pag-aari sa lupa.

Dahil sa panghihimasok ng mga plantasyon, nagmimistula rin na may labanan sa pagitan ng mga lumad o katutubo at mga magsasaka na matagal nang naglilinang ng lupain. Ilang katutubo ang pumusisyon sa lupain upang maging madulas ang pagpaparenta o pagpapasa ng kontrol ng lupa sa mga korporasyon. Nagdudulot ito ngayon ng dislokasyon at alitan sa magkabilang panig. Ang korporasyon ang nagpapasok ng 150 na armadong mga *security guard*, na diumano'y nasa panig ng mga katutubo.

May mga nauna nang kasunduan sa renta sa pagitan ng mga katutubong ito at ng Lapanday Foods Corporation na nagtatanim ng saging at pinya sa isa pang malapit na baryo.

**Resulta ng Solidarity Mission**

Ilan pa sa nai-dokumentong mga paglabag sa karapatang pantao ay ang mga sumusunod:

EKSPANSYON.. >> SA SUSUNOD NA PAHINA



EKSPANSYON.. << MULA SA PAHINA 6

Ilang insidente ng pananakot, panggigipit, walang habas na pagpapaputok, pagkasira at pagnanakaw ng ari-arian, paglabag sa karapatan ng mga bata, ilegal na paghahalughog sa mga tirahan, pagnanakaw, sapilitang ebakwasyon, at pamimilit.

Nasa 80% na ng 220 na pamilyang magsasaka ang lumikas mula sa kanilang mga tahanan dahil sa mga insidenteng nabanggit sa itaas. Ang mga nasabing magsasaka ay may katunayan na may karapatan sila sa lupa kagaya ng Cerificate of Land Transfer (CLT) at Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na iginagawad ng programa sa reporma sa lupa ng gobyerno, at iba pang mga dokumento, ngunit ang mga ito ay ibinabalewala sa pagpasok ng Aboy-Daguiwaas clan. Taktika ito ng mga korporasyon at ng mismong pamahalaan na pag-awayin ang kapwa-magsasaka at katutubo para makamkam ng malalaking plantasyon ang kanilang mga lupain.

Nagkaroon din ng isang malaking pagkilos na dinaluhan ng mahigit isanlibong katao noong Abril 6 sa Malaybalay, Bukidnon. Dito ay nagbahagi ang mga kinatawan ng iba't-ibang organisasyon gaya ng Kasama-Bukidnon, OGYON at mga komunidad sa Bukidnon ng kani-kanilang karanasan sa paglaban sa ekspansyon ng dambuhalang mga korporasyon at plantasyon. Nagkaroon naman ng *press conference* nung Abril 5 sa Cagayan de Oro City.


Ang UMA

INILATHALA NG **UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA**
56 K-9th St., West Kamias,
Quezon City
**www.umapilipinas.wordpress.com**

Para sa mga tanong, komento, mungkahi at kontribusyon, kontakin kami sa **(632) 799.2009**
email: **uma.pilipinas@gmail.com**
twitter: **@UMApilipinas**
Hanapin ang **UMA Pilipinas** at **Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura** sa Facebook

**DANILO RAMOS,** Sec. Gen
**GI ESTRADA,** Media Officer




# "BENEPISYARYO" NG CARP SA MURCIA, PINASLANG

ENERO 16 NANG MAKIPAGLIBING ANG MAMAMAYAN ng Murcia, Negros Occidental kay Benjie Sustento, 30, ang pinakahuling biktima ng pagpaslang kaugnay ng problema sa lupa at ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

Si Sustento ay myembro ng National Federation of Sugar Workers (NSFW), lokal na tsapter ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) sa Negros.

Ang biktima ay "benepisyaryo" ng loteng sakahan sa ilalim ng CARP na inaagaw ng mga aryendador sa Murcia. Dinampot si Sustento mula sa kanyang bahay sa Purok Eslabong, Barangay Lopez Jaena bandang 10:00 ng gabi, Enero 9. Siya ay piniringan, itinali at kinaladkad mula sa isang traysikel.

Ayon sa mga saksi, iniulat nila ang insidente sa lokal na pulisya na tumanggi diumano na rumesponde. Natagpuan ang bangkay ni Sustento, bandang 6:00 ng umaga nang sumunod na araw, na may mga bakas ng tortyur at malapitang tama ng bala sa mukha.

Nagmartsa ang pamilya ni Sustento na may suot na itim na kamiseta na may nakatatak na salitang "JUSTICE" (Hustisya). Sa misa, nanawagan sa publiko ang kapatid ng biktima na tulungan sila sa paghahanap sa mga pumatay kay Sustento.

Pinamumunuan ng NFSW ang mga manggagawang-bukid sa paggigiit ng kanilang karapatan sa lupa sa pamamagitan ng bungkalan para sa pagkain at kabuhayan ng komunidad, kabilang na sa erya na binubungkal ng pamilya Sustento sa Murcia. Ang mga bungkalan ay lagi nang hinahadlangan ng mga panginoong maylupa upang mapanatili ang kontrol sa mga lupa, o mailusot ang rekonsentrasyon ng mga lupain sa pamamagitan ng mga tusong iskema na gaya ng aryendo.

Ang tortyur at pagpatay kay Sustento ay higit na nagpapatunay sa kabiguan ng repormang agraryo sa isla ng Negros, na kilala bilang pyudal na balwarte ng mga panginoong maylupa mula pa noong panahon ng kolonyalistang Espanyol.

Naglunsad ng sunud-sunod na kilos-protesta at piket-dayalogo ang mga magsasaka sa iba't ibang bayan ng Negros, na rumurok sa dalawang araw na kampuhan sa harap ng opisina ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Bacolod City mula Enero 19 to 22.

Sa Mendiola, Maynila, naglunsad din ng kilos-protesta ang KMP, Anakpawis Partylist at iba pang militanteng organisasyon upang gunitain ang ika-29 anibersaryo ng masaker sa Mendiola.

SCAN ME!




***#BigasHindiBala***

*Protesta sa harap ng Department of Agriculture (DA) sa Quezon City, Abril 22.*

# Kampanya sa Tiempo Muerto, inilunsad sa Negros

BACOLOD CITY, NEGROS OCCIDENTAL — NAGTIPUN-TIPON mula Marso 12-14 dito sa tinaguriang "sugar bowl" ng bansa ang myembrong organisasyon ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) para ilunsad ang kampanya sa Tiempo Muerto, na naglalayong isulong ang kagalingan ng mga manggagawang-bukid sa tubuhan sa panahon ng *off-milling* o *dead season.*

Isang *media forum* ang ginanap noong Marso 14 sa Negros Press Club upang ipaalam sa publiko ang sitwasyon ng mga manggagawang-bukid sa panahon ng tiempo muerto o *dead season*, na tumatagal ng 4-6 buwan. Sa panahong ito, pansamantalang tumitigil ang produksyon ng tubo at asukal, at ang mga manggagawa ay nawawalan ng trabaho at mapagkakakitaan.

Ayon kay UMA Secretary General Danilo "Ka Daning" Ramos, kalakhang hindi malay ang marami sa gutom at kahirapan na dinaranas ng mga manggagawang-bukid tuwing tiempo muerto. "Ang libu-libong manggagawang-bukid sa tubuhan at ang aabot sa limang milyon nilang mga dependyente ay taun-taong apektado ng tiempo muerto," ani Ka Daning. Ngayong taon, ang tiempo muerto ay lalo pang pinalala ng tagtuyot na dulot ng El Niño.

"Ang mga manggagawang-bukid ay hindi naman lubusang kawawa sa panahon ng tiempo muerto. Dahil sa kanilang lakas, pagkakaisa, at pagkilos, naigigiit ang kanilang karapatan sa ayuda, benepisyo at serbisyo mula sa mga ahensyang gaya ng Dept. of Agrarian Reform, National Food Authority, Dept. of Social Welfare, at SSS," ayon kay Hernane Barros, pangkalahatrang kalihim ng National Federation of Sugar Workers o NFSW, ang pederasyong katuwang ng UMA sa paglulunsad ng aktibidad sa Negros.

Dagdag pa ni Ka Daning, kasama sa pakikibaka ng mga mangggawang-bukid ang mga bungkalan o *land cultivation area*, gaya ng nagawa sa Negros at Hacienda Luisita. Ang mga inisyatibang ito ay dapat patuloy na suportahan at depensahan.

Bago ang forum, naglunsad ng 2-araw na *media training* ang UMA sa Sugar Workers Development Center, bilang bahagi ng proyektong Tiempo Muerto *media monitoring* na suportado ng World Association for Christian Communication (WACC). Layunin ng proyekto na tipunin at suriin ang kalidad ng pag-uulat ng midya sa mga isyu ng gutom at kahirapan.

Kabilang sa mga nagbahagi ng kanilang karanasan sa midya ang mga mamamahayag na sina Inday Espina-Varona ng ABS CBN News Online at Nonoy Espina ng Interaksyon.com.

"Ang proyektong Tiempo Muerto ay isang hamon sa ating mga kaibigan sa midya upang magkaroon ng mahusay na pag-uulat sa mga mahahalagang isyu sa industriya ng asukal at sa kalagayan ng mga manggagawa nito," ayon kay Ramos. Kasalukuyan nang aktibo ang mga *media monitor* ng Tiempo Muerto hindi lamang sa Negros kundi sa Maynila, Isabela, Tarlac, at Bukidnon.

Samantala, ipinakilala muli ang proyektong Tiempo Muerto sa midya sa Kamaynilaan, sa isang *forum* sa Sikat, Tomas Morato, Quezon City nitong Abril 21. Sinundan ito ng kilos-protesta sa harap ng DA, Abril 22.

Ang kampanya sa Tiempo Muerto ay bahagi ng pambansang kampanya ng mga magbubukid para sa Lupa, Pagkain at Hustisya.